# ANG BISA NG PAGGAMIT NG POPULAR NA AWITIN SA PAGSULAT NG SULATING PORMAL

---

Isang Tesis na

Iniharap sa

Kaguruan ng Paaralang Gradwado

Samar State Polytechnic College

Catbalogan, Samar

---

Bilang Bahagi ng mga Gawaing Kailangan para sa

Degring Master sa Sining ng Pagtuturo

Medyor sa Filipino

---

LUCITA SABALLA ELIZAN-CINCO

May 1999

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Itong tesis na pinamagatang, **"ANG BISA NG PAGGAMIT NG POPULAR NA AWITIN SA PAGSULAT NG SULATING PORMAL"**, ginawa at ibinigay ni LUCITA E. CINCO, pagkatapos na makapasa sa komprehensibong pagsusulit at inatasang humarap sa isang Pasalitang Pagsusulit.

LOURDES CINCO-ESPARES
Tagapayo

==================================================

Pinagtibay ng Lupon sa isang Pasalitang Pagsusulit na may gradong <u>PASADO</u>.

**RIZALINA M. URBIZTONDO Ed.D.**
Tagapangulo

**ANITA P. LEGATUB, M.A.**
Kagawad

**MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.**
Kagawad

==================================================

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng pagtupad ng mga kailangan para sa pagtamo ng degring **<u>DALUBHASA SA SINING NG PAGTUTURO, MEDYUR SA FILIPINO</u>**.

**RIZALINA M. URBIZTONDO, Ed.D.**
Dekano, Gradwadong Pag-aaral

Petsa ng Pasalitang Pagsusulit
Mayo 15, 1999

# PAGKILALA

Ang pag-aaral ay naging matagumpay at mabunga dahil sa tulong ng mga kahanga-hangang taong pumatnubay na maisakatuparan ng mananaliksik ang pagtatapos ng kursong Degring Master sa Sining ng Pagtuturo. Bilang tugon ay tauspuso kong ipinaaabot ang isang mainit at masidhing pasasalamat.

Dr. Dominador Q. Cabanganan, Pangulo, Samar State Polytechnic College, sa kanyang marubdob na panghihikayat at paglaan ng pagkakataon para matapos ng mananaliksik ang kanyang masteral degri.

Dr. Rizalina M. Urbiztondo, Dekano ng Gradwadong Paaralan, sa kanyang mga mungkahi para sa mga pangangailangan ng pag-aaral na ito.

Dr. Marilyn D. Cardoso, Head, Research and EMIS, sa kanyang hindi mapapantayang tulong, mungkahi at puna sa pagrerepaso ng istadistikang pagsusuri.

Dr. Eusebio T. Pacolor, Dean, College of Arts and Sciences sa kanyang walang sawang suporta upang mapadali ang pag-aaral na ito.

Dr. Ulrico Mustacisa, Superbisor ng Filipino Sangay ng Samar, Propesor Lourdes C. Espares, ang kanyang tagapayo, sa kanilang pamamatnubay, mungkahi at pagsusuri sa manuskrito ng pag-aaral.

Dr. Teresita T. Neypes, Dekano Edukasyong Pangkolehiyo, Engr. Esteban Malindog, Jr., Laboratory High School Chairman, sa kanilang pagpapaunlak na payagan ang mananaliksik na makapagsagawa ng kanyang pag-aaral sa mga mag-aaral sa antas sekundarya.

Propesor Anita P. Legatub, Propesor Suzette L. Corduwa at Gng. Anacorita M. Villanueva, Gng. Jojie A. Macapañas sa kanilang walang sawang tulong, payo at suportang ibinigay upang mapaayos at matapos ang pag-aaral na ito.

Sa kanyang dating kaguro sa Wright Vocational School, Paranas, Samar sa kanilang tauspusong pagtulong at suportang moral upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito.

Sa mga mag-aaral sa ikalawang taon seksyon Gold ng Samar State Polytechnic College sa kanilang suporta at kooperasyong ipinakita habang isinasagawa ang eksperimental na pag-aaral ng mananaliksik.

Ang mananaliksik ay lubusan ding nagpapasalamat sa kanyang mapagmahal at maunawaing asawa at mga anak, sa kanilang dalangin at tulong pinasiyal, na siyang naging inspirasyon, dagdag na lakas at determinasyong tapusin ang pag-aaral.

Higit sa lahat sa Panginoong Diyos sa Kanyang di mabilang na mga biyaya, mga basbas at pamatnubay na siyang naghikayat sa mananaliksik na maabot at makamit ang tagumpay na kanyang minimithing larangan sa buhay.

L. E. C.

# HANDOG

Laan ko ito sa lahat . . . .

sa Panginoong Diyos
na tanglaw ko sa lahat
ng mga biyayang nakakamtan!

Sa mga mahal ko sa buhay;
Asawa, mga anak, ama, mga apo
Kapatid, kamag-anak, kaibigan
at sa mga kasamahan ko sa trabaho

sa inyong lahat. . . .
Maraming Salamat!

**Lucita**

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng suliraning pormal sa paaralang Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar. Ang pangkat eksperimental at pangkat kontrol na may unang pagsubok at huling pagsubok ang disenyo ng pag-aaral. Ang t-test sa 0.05 na antas ng kabuluhan ang ginagamit na batayan sa pagpanggap o di-pagtanggap sa ipotesis sa pag-aaral na ito. Ang mga tinuos na halaga sa t-value sa ilalim ng pinaglapatan ay masyadong mababa kaysa sa halaga sa talahanayan kung kaya't ang ibang ipotesis ay tinanggap ang pag-aaral. Ang kinalabasang ito ay nangangahulugang halos magkatulad ang antas ng kabatiran sa pagsulat ng pormal na sulatin sa ginagamitan ng popular na awitin at ang pagsulat nito na walang ginagamit na awitin pagkatapos isagawa ang pananaliksik. Ang kinalabasan ng huling pagsubok ng pangkat experimental at pangkat kontrol ayon sa grado sa Filipino II, ang grado ng mga mag-aaral ay hinati sa dalawang kategorya. Ang unang pangkat ng mga mag-aaral ay may grado mula 90 pataas at ang ikalawang pangkat ay may grado mula 89 pababa. Ang tinuos na t-value ay 1.16 na mas mababa sa talahayang t-value na 2.086 at 0.05 antas ng kabuluhan nang dfa= 20. Ito ay nagpapatunay na ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng huling pagsubok ng pangkat experimental at pangkat kontrol ayon sa grado sa Filipino II ay tinatanggap. Ito ay nangangahulugan na ang grado ng mga mag-aaral na pinangkat, ang pangkat experimental ay magkapareho ng kakayahan sa pangkat kontrol.

## TALAAN NG NILALAMAN


Dahong Pamagat . . . . . . . . . . . . . . . . i

Dahon ng Pagpapatibay . . . . . . . . . . . . ii

Pagkilala . . . . . . . . . . . . . . . . . . iii

Handog . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vi

Abstrak . . . . . . . . . . . . . . . . . . vii

Talaan ng Nilalaman . . . . . . . . . . . . viii

KABANATA PAHINA

1. **ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO.** . . 1

Panimula . . . . . . . . . . . . . 1

Paglalahad ng Suliranin . . . . . . . . 4

Paglalahad ng Ipotesis . . . . . . . . . 5

Batayang Teyoritikal . . . . . . . . . . 6

Batayang Konseptual . . . . . . . . . . 8

Kahalagahan ng Pag-aaral . . . . . . . . 9

Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral . . 12

Katuturan ng mga Talakay . . . . . . . . 12

2. **MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL** . . . . . . . . . . 17

3. **METODOLOHIYA** . . . . . . . . . . . . . 39

Disenyo ng Pag-aaral . . . . . . . . . 39

Instrumentasyon . . . . . . . . . . . . 40

Balidasyon . . . . . . . . . . . . 40

Pagpili ng Kalahok . . . . . . . . . 41

Eksperimentasyon . . . . . . . . . . 42

Paglikom ng mga Datos . . . . . . . . 43

Paglalapat ng Estadistika . . . . . . 45

4. **PAGLALAHAD, PAGSUSURI, AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS** . 48

Profile ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental at Pangkat kontrol . 48

Iskor ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental . . . . . . . . . . 50

Paghahambing ng mga Iskor ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental sa unang pagsubok . . . . . . . . . 51

Paghahambing ng Unang Pagsubok at Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental . . . . . . . . . . 54

Paghahabing ng Unang Pagsubok at Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol . . . . . . . . . . . . . 56

Paghahambing ng Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental . . . . . . . . . . . 58

Paghahambing ng Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental ayon sa Gulang . . . . . . . . . . . . 60

Paghahambing ng Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol ayon sa Gulang . . . . . . . . . . . . 61

Paghahambing ng Huling Pagsubok - ng Pangkat Eksperimental ayon sa Kasarian . . . . . . . . . . . 63

Paghahambing ng Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol ayon sa Kasarian . . . . . . . . . . . . 63

Paghahambing ng Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol ayon sa Grado sa Filipino II, Unang markahan . . . . . . . . . . 65

5. **LAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON** . . 69

Kinalabasan . . . . . . . . . . . . . 69

Konklusyon . . . . . . . . . . . . . 70

Rekomendasyon . . . . . . . . . . . 72

TALASANGGUNIAN . . . . . . . . . . . . . . . 74

MGA APENDISE . . . . . . . . . . . . . . . . 78

KURIKULUM BITA . . . . . . . . . . . . . . . 117

LIST OF TABLES . . . . . . . . . . . . . . . . . . 121

LIST OF FIGURES . . . . . . . . . . . . . . . . . . 122

## Kabanata 1

# ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO

### Panimula

Simula pa sa kamula-mulaan, pinag-aralan na ng tao ang mabisang pamamaraan ng paglilipat ng kaalaman mula sa mga guro tungo sa mga mag-aaral, mula sa paraan ng pagmamasid, pananaliksik, at mga pamamaraan ng mabisang pagtuklas ng karunungan at mga kaalaman sa iba't-ibang larangan. May mga pamamaraang sinaunang hindi na maaari sa ating panahon sa ngayon, mayroon din namang ilang pamamaraang dati nang kilala sa isang katawagan at sa ngayon ay nilagyan ng kaunting pagbabago upang iangkop sa kapanahunan at nagkaroon ng bagong pangalan at katawagan.

Walang isang pamamaraang masasabing sadyang mabisa para sa lahat ng uri ng paksang-aralin o isang pamaraang kaya na angkop gamitin sa lahat ng pagkakataon. Kaya ang guro ang nagbalak at nagpasya sa pamaraang gagamiting angkop sa bunga ng pagkatuto na nais makamtan ng mag-aaral, angkop sa situwasyon, angkop sa kakayahan ng mag-aaral at gayundin sa uri ng paksang-aralin at sa asignaturang kanyang itinuturo.

Nararapat malaman ng isang guro ang paggamit ng iba't-ibang pamamaraan ng pagtuturo na kanyang gagamitin sa bawat araw. Kailangan ang pagbabalak upang mapag-isipan ng guro kung anong pamamaraan ang angkop gamitin para sa tiyak na aralin. May mga dapat isaalang-alang ang guro sa pagpili ng pamaraang kanyang gagamitin. Bukod sa pagiging angkop sa kakayahan at kawilihan ng mag-aaral, dapat angkop din sa paksang-aralin at sa situwasyon.

Kaya dapat maging mabisa at mabilis ang pagtuturo para sa madaling ikatuto ng mga mag-aaral. Nakasalalay sa mabuting pamaraan ng pagtuturo ang tagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng mag-aaral at pagtuturo ng guro (Belvez,1984:178).

Ang mga ipinahayag sa unahan ay may kaugnayan sa naging suliranin ng mananaliksik sa pag-aaral na ito, ang suliraning ito ay nauukol sa pagtuturo ng pagsulat ng sulating pormal sa sekundarya, na itinuturing na isa sa mga pinakamahirap na gawain sa mga mag-aaral. Sa hangaring makapag-ambag sa paglutas ng suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral ay nagkaroon ng lakas ng loob ang mananaliksik na tuklasin ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagtuturo ng sulating pormal upang matugunan ang mahalagang pangangailangan ng mga mag-aaral sa

pagbuo ng isang kawili-wili at kaakit-akit na sulating pormal.

Ang makabagong pagdulog na ito ay natutuhan ng mananaliksik sa isang seminar sa UP Tacloban na siyang nag-udyok sa kanya upang tuklasin ang bisa nito at upang matugunan ang mahalagang pangangailangan ng mga mag-aaral ng Filipino sa Samar State Polytechnic College, sekundarya ikalawang taon sa pagbuo ng kaakit-akit na sulating pormal. Sa mahabang panahong pagtuturo niya sa asignaturang Filipino II ay nabatid at natuklasan niya ang mga naging suliranin ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng sulatin na may kahinaan sa bagbuo ng diwa sa mga sulating pormal.

Sa pangyayaring ito ay natanto ng mananaliksik na ang paksa sa sulating pormal ay isa sa pinakamahalagang sangkap sa pagsulat na dapat bigyan ng unang diin. Sa paksa, nakatuon ang bungang kaisipan ng mga bagay-bagay bilang nilalaman ng buong sulatin. Dahil sa paksa, umiinog ang kawilihan ng taong maipaliwanag nang maayos ang mga pangyayaring naglalaro sa isipan at nagiging kanais-nais itong basahin kung ito ay ayon sa kakayahan at kawilihan ng taga paglahad.

Lubos ang pananalig ng mananaliksik na ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay matutugunan ang

suliraning pinag-uusapan, ang tungkol sa paggamit ng awitin sa pagsulat ng sulating pormal, na naangkop gamitin sa makabagong panahon sapagkat hindi kaila sa atin ang pagkakaroon ng mga makabagong imbensiyon tulad ng mga makabagong instrumentong pangmusikang kinawiwilihan ng nakararaming kabataan. Ang awitin ay isa sa behikulong ginagamit ng mga kompositor upang ihatid sa masa ang mensaheng sosyal kasabay sa pagbibigay-aliw, magmulat at magturo.

Sa pangkalahatan, ang paggamit ng awitin sa pagbuo ng sulating pormal ay nagsilbing matibay na instrumento sa malinaw na pagpapahayag sa mga mag-aaral. Hindi lamang ito'y gagamitin sa kapaligirang sakop ng pag-aaral kundi sa iba pang mga paaralang sekundarya at kolehiyong sakop ng ibang sangay at mga rehiyon.

<u>**Paglalahad ng Suliranin**</u>

Natuklasan sa pag-aaral na ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng sulating pormal sa mga mag-aaral sa sekundarya ng paaralang Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar. Ang mga sumusunod na mga katanungan ay nagsilbing gabay sa pag-aaral na ito.

1. Ano ang profile ng mga mag-aaral sa ikalawang taon sa Filipino ayon sa :

1.1 gulang at kasarian;

1.2 grado sa Filipino II ?

2. Ano ang iskor ng pangkat kontrol at ang pangkat eksperimental ayon sa sa:

2.1 unang pagsubok; at

2.2 huling pagsubok ?

3. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba ang pangkat kontrol sa pangkat experimental ayon sa unang pagsubok?

4. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng unang pagsubok at huling pagsubok ng pangkat eksperimental?

5. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng unang pagsubok at huling pagsubok ng pangkat kontrol?

6. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba ang pangkat kontrol sa pangkat eksperimental ayon sa huling pagsubok?

7. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba ang pangkat eksperimental sa huling pagsubok ayon sa kasarian, gulang at grado sa Filipino II ?

**Paglalahad ng Ipotesis**

Ang mga sumusunod na ipotesis ay maaaring masubok sa pag-aaral na ito.

1. Walang mahalagang pagkakaiba ang pangkat kontrol sa pangkat eksperimental ayon sa unang pagsubok.

2. Walang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng unang pagsubok at huling pagsubok ng pangkat eksperimental.

3. Walang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng unang pagsubok at huling pagsubok ng pangkat kontrol.

4. Walang mahalagang pagkakaiba ang pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa huling pagsubok.

5. Walang mahalagang pagkakaiba ang pangkat kontrol sa pangkat eksperimental sa huling pagsubok ayon sa kasarian, gulang at grado.

## Batayang Teyoritikal

Ayon kay Copland (1991:36) isang kolumnista ang pakikinig ay isa sa mahalagang bahagi ng Edukasyong Musika. Tayo ay nakakapakinig sa pamamagitan ng ating tainga. Ang mga tunog na naririnig ay dumadaan sa tainga papunta sa ating utak. Ang ating utak ang siyang pumipili ng mga senyas upang magkaroon ng kahulugan at kabuuan, ang ating mga naririnig na tunog. Ang musika ay binubuo ng iba't ibang tunog

kaya't ang pakikinig ay daan sa pag-unawa at pagkalugod sa musika.

Ayon sa awtor, may mga uri ang pakikinig: una ang tinatawag na "Sensuous Way" ito ang pinakasimpling pakikinig dahil tayo'y basta't nakikinig lamang na walang pakay o dahilan. Halimbawa ay habang tayo ay kumakain ay may umaawit na ating naririnig. Ang ating binibigyan pansin ay ang pagkain at hindi ang awit na ating naririnig. Pangalawang uri ng pakikinig ay ang "Expressive Way". Ito'y pakikinig na may damdaming nadarama. Maaaring malungkot, masaya, nakakasindak, o mayroon tayong naaalaalang mahalagang pangyayari sa ating buhay. Ang pangatlong uri ay "Intellectual Way". Ito'y pakikinig na sinusundan ang bawat sangkap ng musika gaya ng ritmo, melodiya, harmonya, anyo, istilo at interpretasyon. Ang panghuling uri ng pakikinig ay ang "Perceptive Way". Ito ay nangangailangan ng buong konsentrasyon sa musikang pinakikinggan. Ang nakikinig ay sinusundan ang lahat ng nangyayari sa buong awitin o tugtuging pinakikinggan.

Ang bawat tao ay mayroong iba't ibang pakikinig. Tayo'y hindi magkakatulad ng pagtanggap sa iba't ibang tunog na dumarating sa ating tainga, may mababaw ang pakikinig, para lamang sila maaliw,

may nakikinig naman nang buong konsentrasyon at lubhang malalim na sinusundan ang bawat elemento ng musika. Ito ay ang matalinong pakikinig na dapat linanging mabuti sa bawat silid-aralan ng musika.

Hindi natin maikakailang may mga iba't ibang damdamin ang napupukaw sa atin sa pakikinig ng iba't ibang musika. Upang ating madama nang lubusan ang mensahaeng pinakikinggan, kailanngan natin makinig nang lubusan at may pang-unawa.

## Batayang Konseptuwal

Ipinakita sa unang malaking kuwadrong guhit ang kapaligirang sakop sa pananaliksik, ang paaralan at ang asignaturang kasangkot.

Inilarawan sa sunod na dalawang maliit na kuwadrong guhit magkaiba pataas bilang simbolo ng unang pagsubok sa bawat pangkat, ang pangkat eksperimental at ang pangkat kontrol. Ang dalawang pangkat na ito ay kapwa binigyan ng unang pagsubok bago umpisahan ang pananaliksik samantala ang dalawang malaking guhit na bilog pataas ay ipinakita ang dalawang pangkat na mga kalahok. Ang nasa kaliwa ay ang kalahok sa pangkat eksperimental na tinuruan ng gurong gumamit ng awitin sa pagsulat ng sulating pormal, at ang nasa kanang guhit na bilog naman ay ang kalahok sa pangkat kontrol na tinuruan ng

pagsulat ng sulating pormal sa tradisyunal na pamaraan. Sa gitnang kuwadrong guhit ay inilarawan naman ang mga baryabol, ang kasarian, gulang at grado ng mga kalahok ng mga mag-aaral at ang sunod na dalawang maliit na kuwadrong guhit paitaas ng magkabila bilang simbolo ng huling pagsubok na ibinigay pagkatapos ng pag-aaral. Ang huling dalawang kuwadrong guhit ay naglalarawan ng katangiang nabuo pagkatapos ng pag-aaral. Ang pagtuturong may kalidad at ang kahusayan sa pakikipagtalastasan.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng sulating pormal ay maaaring makatulong nang malaki. Ang pag-aaral na ito ay maaaring makatulong sa mga sumusunod;

**Sa mga mag-aaral.** Magiging madali para sa mga mag-aaral ang pagsulat ng komposisyon sapagkat nakasaad na sa awitin ang mensaheng nais makuha. Sa ganitong paraan ng pagtuturo lumalawak ang bukabularyo ng bawat mag-aaral at magiging maunlad din ang uri ng komunikasyon nila sa pakikipag-unawaan paggamit ng wika, nagiging maganda ang marka ng mga mag-aaral sa pagsulat ng makabuluhang


sulating pormal at higit sa lahat ang kanilang isipan ay mahihikayat na kumilos upang magpahayag ng mga kalutasan sa anumang suliranin.

**Sa mga Guro.** Ang pag-aaral ay makatutulong na makilala ng sinumang guro ang mga katangian at pagkakaiba ng bawat mag-aaral sa katayuang intelektuwal, damdamin at pamumuhay na sosyal na bumahagi sa katauhan ng mga mag-aaral.

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magiging batayan din sa ikatatagumpay ng pagtuturo ng mga guro sa pagpapasulat ng komposisyong pormal.

**Sa mga Administrador ng Paaralan.** Ang pag-aaral na ito ay makapg-aambag ng malaki sa paggawa ng mga palatuntunang pampaaralan sa isang kurikulum at mapapadali ang pagbibigay nila ng suporta sa mga palatuntunang iminungkahi sa mga guro.

**Sa mga Tagaplano at Tagagawa ng Kurikulum.** Ang bunga ng pananaliksik na ito ay maaari ring magamit bilang karagdagang sanggunian para sa tagaplano ng kurikulum, sa kanilang paghahanda ng mga material sa antas sekundarya maging sa kolehiyo.




Pigyur 1 - Sanligan Konseptual

<u>Sa mga Mananaliksik sa Hinaharap.</u> Magiging batayan ang pag-aaral na ito sa paggalugad ng mga impormasyong pang-edukasyon na makakatulong sa pagtuklas ng pagdulog na kailangang gamitin ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sulating pormal sa lahat ng mga paaralan pangsekundaryang sakop ng kanilang gawain.

## Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng sulating pormal sa ikalawang taon asignaturang Filipino sa antas sekundarya ng Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar. Ang mga kalahok ay binuo ng apatnapung (40) mag-aaral sa ikalawang taon, seksyon Gold na pinangkat sa dalawa na inirerepresenta ng dalawampung (20) mag-aaral sa pangkat eksperimental at dalawampung (20) mag-aaral naman ang irerepresenta ng pangkat kontrol.

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa taong panuruan 1998-1999.

**<u>Katuturan ng mga Talakay</u>** Upang mabigyan ng malinaw na pang-unawa, ang mga sumusunod na salita ay binibigyan ng katuturan.

**Awitin**. Ang salita ay nangangahulugang mga awit na karaniwang naririnig o inaawit ng mga tao (Diksyunaryo ng Wikang Filipino-Sentenyal na Edisyon, 1998). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay nangangahulugang isang napapanahong Awiting Filipino na maaaring kinalulugdan ng mga kabataan.

**Bisa**. Ang salita ay may katuturang katangiang makapagbigay ng pagbabagong karaniwan ay sa kabutihan at lakas (Diksyunaryo ng wikang Filipino-Sentenyal na Edisyon, 1998). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay nagsasaad ng kalalabasan ng pag-aaral ukol sa isang paksa.

**Eksperimento**. Ang terminolohiyang ito ay nangangahulugang pansamantalang pamamaraan, anumang gawaing may layuning tumuklas (Diksyunaryo ng wikang -Filipino - Sentenyal na Edisyon, 1998). Ang salita ayon sa pagkakagamit sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa isang gawain nais tuklasin ang epekto nito sa isinasagawang pag-aaral.

**Huling Pagsubok**. Ito ay instrumento ng aytem ng test na binubuo ng tatlumpu't limang aytem na ibibigay ng mananaliksik sa mga kalahok ng pangkat eksperimental at pangkat kontrol, pagkatapos ng pag-

aaral upang matiyak ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng pormal na sulatin (Tovera, 1991:131).

**Musika**. Ang salitang ito ay nangangahulugang isang sangay ng sining na ukol sa kathang may himig, tunog, at indayog at karaniwang inaawit o tinutugtog (Diksyunaryo ng wikang Filipino - Sentenyal na Edisyon, 1998). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay nangangahulugang maayos na paglalapat ng tunog at katahimikan na nakakalikha na isang maganda at nakasisiyang damdamin sa bawat makaparirinig nito.

**Pagsubok**. Ang salita ay may katuturang pag-alam sa katangian, kakayahan o katotohanan ng anuman o simuman (Belvez, 1993:52). Sa kasalukuyang pag-aaral ito ay nangangahulugang pag-alam sa kakayahang mental ng mga mag-aaral na kalahok sa ginawang pag-aaral.

**Pagsulat**. Ang salita ay nangangahulugang isang kalipunan ng mga piling sagisag na ipinakikilala sa salita ng wika na nais bigyan ng tala ang isang pangyayari galing sa senyas, kilos, nakita, narinig, nadama, atbp.(Grolier, 1983:291). Sa pag-aaral na ito ang salita ay nangangahulugang pagbuo ng mga

kaisipang ipinakikita sa tulong ng wikang nadarama at naririnig ng sumusulat.

**Pangkat**. Ang salita ay nangangahulugan ng mga taong magkakaksama o magkakagrupo sa paggawa (Diksyunaryo ng Wikang Filipino - Sentenyal na Edisyon, 1998). Sa pag-aaral na ito ay salitang tumutukoy sa mga grupo ng mag-aaral na kalahok sa pagsasagawa ng isang pag-aaral sa isang bagay.

**Popular**. Ang salita ay nangangahulugang marami ang nakakikilala, bantog o tanyag (Diksyunaryo ng Wikang Filipino - Sentenyal na Edisyon, 1998). Sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa mga awiting bantog na inaawit ng nakararaming kabataan.

**Sulating Pormal**. Ang talakay ay nangangahulugang isang masistemang pagsasama-sama ng mga salita upang makabuo ng mga pangungusap at maipahayag ang iniisip at diwa sa isang piling kwaderno (Tovera, 1971). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumutukoy sa mga nabuong mga kaisipang ipinakilala sa pamamagitan ng mga pangungusap na batay sa isipan at diwa ng sumulat.

**Unang Pagsubok**. Ang salita ay nangangahulugang isang instrumento ng pag-aaral na binubuo ng tatlumpu't limang aytem na ibinigay ng mananaliksik sa mga mag-aaral ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental. Ito ay ibinigay bago umpisahan ang pag-aaral, upang masubok ang kabatiran sa pagsulat ng sulating pormal.

Kabanata 2

## MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga sinuring literatura sa mga aklat, mga artikulo, mga tesis na naisagawa dito sa ating bansa at ibang bansa. Kasama sa pananaliksik na ito ang mga pag-aaral na naisagawa sa iba't ibang kolehiyo at pamantasan dito sa Pilipinas at ibang bansang siyang nag-ambag ng malaki upang mabuo ang pananaliksik na ito.

Sinabi ni Warriner, (1981:220) na ang pagsulat ng sulating pormal ay kailangang ibatay sa tamang hakbangin ng pagsulat. Ito ay nagsisimula sa pagpili ng paksa at nagtatapos sa pagsulat ng huling burador (final draft). Una, pumili ng paksang kinawiwilihan ng sumulat na kaya nitong sulatin. Ikalawa, ay pagtitipon ng materyales, kasama na ang ideya na nasa isip ng sumusulat na may kaugnayan sa paksa at layunin ng katha. Ikatlo, ay pagbubuo ng materyales. Pagsama-samahin ang mga magkakaugnay na ideya at ayusin ayon sa pagkakasunod-sunod. Ikaapat ay pagbabalangkas. Ikalima ay pagsulat sa unang burador ayon sa ipinaliliwanag ng balangkas. Ikaanim ay pagbabago (revising). Babasahin at iwawasto ang mga sinulat sa unang burador. Babaguhin ang mga bahaging

mali at aayusin nang maingat bago sumulat ng huling burador. Ikapito ay ang pagsulat ng huling burador. Pagkatapos gawin ang pagwawasto, sisipiin ang katha nang maayos at malinis ayon sa pamantayan ng pagsulat ng sulating pormal.

Sinang-ayunan nina Dawson at Dingise, (1979) na karamihan sa mga sulatin ng mga mag-aaral ay di-gaanong maayos at may mga kahinaan sa mga sangkap nang maayos na pagsulat, kaya, nangangailangan ng patnubay upang mapaunlad ang kanilang gawaing pagsulat. Ang mga pagsasanay sa mga aralin ukol sa mga personal na paniniwala, kakayahan at kawilihan.

Napag-alaman ni Shoaf (1981:13-15), na naghahambing ng dalawang pamamaraan ng pag-iiskor ang mga sulating pormal na isinisulat. Ang mga ito ay ang : (1) ang "holistic scoring", na isang paraan ng pagpapasiya sa kabuuan ng komposisyon; at (2) kagitnang iskor ng mga salita sa bawat T-unit.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nagpapakita na ang holistic scoring ay mas mabisa kaysa sa T-unit scoring.

Ang pag-aaral na nabanggit ay may kaugnayan din sa pag-aaral na ito, sapagkat ito ay tungkol sa pagsusuri ng mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral, ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong tuklasin

ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng pormal na sulatin.

Si Robinson (1989:2251-A), ay nagsuri sa mga komposisyon na ginawa ng mga banyagang mag-aaral na ang unang wika ay Arabic, Intsik at Kastila. Inimbestigahan niya ang bisa ng karanasan, sulat-kamay, pagbabaybay at balarila ng mga banyagang mag-aaral na ang unang wikang nabanggit sa mga konposisyon ang idinulog sa mga ito.

Sa pag-aaral na ito napag-alaman na ang dating sulat-kamay, pagbabaybay at balarila ng mga banyagang mag-aaral ay nakapagpababa sa iskor ng kanilang mga sulating pormal.

Ang pag-aaral na nabanggit ay may kaugnayan din sa pag-aaral na ito, sapagkat ito ay tungkol din sa pagsusuri ng komposisyon na ginawa ng mga banyagang nag-aaral samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong tiyakin ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng pormal na sulatin.

Sina Threlkeld, Bair, Gross, Goeling Hopkins at Searson (1981), nagbigay ng mga kalutasan sa suliranin tungkol sa kahalagahan ng wika at pagsulat ng komposisyong pormal ng mga mag-aaral. Ito ay malayang nailahad sa kanilang pag-aaral na "Language and Composition". Kanilang natuklasan na

ang mga mag-aaral ay sumusulat ng mga panimula sa sulating pormal sa iba't ibang kaparaanan. Ang unang pangungusap na nabuo sa panimula ang karaniwang nagiging pangunahing talata ng komposisyon na napapahaba ito sa pamamagitan ng paglalahad ng mga karaniwang bagay na may kaugnayan sa paksa at malayang nabibigyan ng isang makabuluhang pagtatapos.

Ang motibasyon ng mga tagapaglahad ay kanilang nakilala ang iba't ibang paraan ng pagtuturo sa pagsulat ng epektibong wika sa komposisyong pormal kung ang mga mag-aaral ay ilalantad sa makatotohanang situwasyon ng mga impormasyon at mga kaalaman sa paligid. Kailangang bigyan ng pagpapahalaga ang mga ugali ng bawat isa, kasama na ang mga kakayahan sa karunungan at kasanayan.

Ang pag-aaral nina Trelkeld, Bair, Gross, Goeling, Hopkins at Searson ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil ito ay kapwa tumutukoy sa pagsulat ng sulating pormal ayon sa kakayahan ng kaalaman sa wika at kawilihan sa paksa. Ang kaibhan ng pag-aaral na ito ay sa wika dahil ang una ay sa Ingles at ang huli ay sa Filipino.

Ayon naman kay Ellis (1979:887), na ang mga mag-aaral ay kailangang iharap sa mga situwasyong mag-iiwan ng bakas sa mga nangyayari sa paligid na

makatutulong sa pagsulat tulad ng pagsaksi sa dula, pinta, awit, panayam, talumpati, mga impormasyong ng masa medya, ang pakikialam sa paggamit ng mga instrumentong pantugtog at mga larong pang-ehersisyo ng katawan at isipan. Sa ganitong paraan, matatanto ng mag-aaral na siya ay mahalaga. Ang kanyang mga karanasan ay ekspresyon niya bilang tao, may sapat na talino na magagamit sa pagsulat ng anumang uri ng katha.

Ang mga nabanggit na mga pag-aaral ay mga karagdagang kabatiran na paghahawig na mga katibayan ng pagsulat ng sulating pormal ay hindi lamang bagong gawain ng mga mag-aaral, kundi ito ay pangkaraniwang gawain ng sinumang mag-aaral na mahalaga sa lahat ng antas ng taon. Dito masusukat ang lalim ng ideya tungkol sa isang bagay sa tulong ng wikang Filipino.

Ayon kay Buensuceso, (1983:6) "may mga hakbangin tungo sa mabisang pagpapahayag". Tiyakin ang pananalitang gagamitin, ang isip ng tao ay hindi nababasa. Kaya dapat masabi o maisusulat ang lahat na gustong ipaalam. Pasulat ang pagpapahayag, tandaan ang palabaybayan, bantas, atbp.

Sumang-ayon din sina Yap at Manuel (1984:61-77) na sa pagsulat ng mga pahayag ay mayroon apat (4) na

mga pamamaraan; ang pagsalaysay, paglalarawan, paglalahad at pangangatuwiran. Ang himig ng diwa sa bawat isa ay naglalaman ng iba't ibang estilong ay naglalayong magpatnubay sa bawat mag-aaral na makilala at matutuhan ang pangunahing; layunin masanay sila sa pagsulat nang wasto at maayos. Sa tulong nito ay mahihikayat silang bumanggit ng nais nilang sabihin. Ang lalong pinakamahalaga pang layunin ay ang pang-unawa sa kayarian ng balarila, ang pagbubuo ng mga salita, ang pag-uugnay ng salita sa salita para sa isang pangungusap at sa huli ay makasulat ng isang mahusay, malinis, at may masining na diwa sa pagbuo ng talata.

Batay sa pagpapaliwanag ni Belvez (1985:78) na matapos mapili, maayos at malinang ang mga ideya sa pangungusap ay magkakaroon ng isang malinaw na piyesa ang sulatin. Ito ngayon ang tinatawag na komposisyon na sa ibang salita ay sulating pormal.

Dugtong pa ng may-akda na mayroong dalawang (2) uri ng sulating pormal o komposisyong pormal: una ay ang malayang komposisyon. Isang pagsasanay na ang pagpapahayag ng wika nang walang modelo. Ito ay malayang makapag-iisa at may orihinal na manipulasyon ng wika. Ang isa pang uri ng sulating pormal ay pinanutbayan o kontroladong komposisyon. Ito'y isang pamamaraan ng pagtuturo na ang mga sagot

na ibubunyag sa pahayag may kaugnay sa mga binalangkas na pangungusap matapos makapagbigay ng modelo o huwaran.

Sa lupon ng pambatayang aklat nina Sauco at San Miguel (1980:194) ay maliwanag nilang sinasabi na ang isang komposisyon ay may sumusunod na balangkas: 1. Pamagat: ang pinakapangalan ng komposisyon. Dito umiinog ang kaisipan ng mga talata. 2. Unang Talata: dito ipinaliliwanag ang pamagat ng komposisyon at ginaganyak ang bumabasa. 3. Gitnang mga Talata: dito ipinaliliwanag, inilalarawan o isinasalaysay ang pinakapaksa ng komposisyon. 4. Pangwakas na Talata: maingat at madaling tinapos ang komposisyon. Mahaba man o maigsi ang isang komposisyon ang mga talata ay kailangang may isang pangunahing kaisipan upang lalong maging malinaw.

Dugtong pa ng may-akdang sina Sauco at San Miguel (1980:157), ang bawat talata ay dapat magtaglay ng kaisahan, nangangahulugan, ang mga pangungusap sa loob nito'y umaayon sa paksa o pangunahing kaisipan. Ang lahat ng mga gitnang pangungusap ay tumutulong sa pagpapaliwanag ng paksa.

Kaya sa pagsulat ng komposisyon ay kailangang bigyan pansin ng paksa. Hindi dapat diktahan ang isang mag-aral kung anong paksa ang dapat niyang

sulatin, kailangang magmungkahi lamang ang guro upang mapukaw ang kawilihan ng mga mag-aaral.

Ayon sa Batayang Aklat ng Filipino II serye ng SEDP, 1987, ang katha ay may tatlong (3) mahalagang bahagi: ang simula, gitna o katawan at ang wakas. Ang simula ay dapat bigyan ng espesyal na pansin sapagkat, dito binabanggit ang tungkol sa paksa at layunin upang ang mambabasa'y magpatuloy na maganyak at mapukaw ang interes at pananabik sa pagbasa. Sa simula ay maaaring gumamit ng mga salita o pangungusap na nagtatanong, isang pambungad na salaysay, salitaan ng mga tauhang kilala, isang sipi ng akda na angkop sa sinusulat at maaaring gumamit din ng isang makatas na pangungusap na kinapapalamanan ng punong diwa ng katha. Maaaring gumamit din ng tahasang paglalahad ng suliraning iiwasan ang paggamit ng mabubulaklak na salita.

Ang gitna o pinakakatawan ay pag-uuri-uri o paghahati-hati ng kabuuan ng sinusulat na paksa. Sinusuri ang buong nilalaman kung ito ay sumasagot sa mga detalye na ipinahahayag.

Ang wakas ay maaaring isang talataan o isang pangungusap lamang na nagpapakilala ng buong nilalaman na maaaring lagumin sa isang pangungusap lamang. Ito ay nag-iiwan ng isang katanungan sa isipan ng mga mambabasa at magpapahiwatig din ng

paghuhula at inuulit ang isang pangungusap o kawikaang ginagamit na pambungad sa pahayag o kaya'y pamagat. Ito ay maaaring magtapos ng isang sipi sa isang akda galing sa tula o tuluyan.

Sinabi pa ni Torres (1982:137) na ang kaunlaran ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng paksa sa sulating pormal nagmumula sa kanilang naririnig, nadarama at mga pinaniniwalaan. Dapat itong pagyamanin sa bawat pambalarilang tatalakayin sa paaralan upang hindi mabitiwan ang interes at lalo itong magpapawasto dahil sa mabisang paglalapat ng mga kayarian ng salita.

Sinang-ayunan ni Anthony (1988:28-31) na ang pagpapahayag na pasulat lalo na sa sulating pormal ay isang pag-arok sa sariling kakayahan at katalinuhan dahil ito'y paglalantad ng mga sariling-isip sa mambabasa na tanging tao lamang ang makagagawa nito.

Gaano man ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat, kung ang isipan ay magulo, tiyak na malilito siya sa paksang susulatin. Malulutas lamang kung susundan ang mga mungkahi nina Alfresh at Ingalls, (1982:326-331) na buuin sa isip ang mga nasaksihan sa paligid at magkaroon ng pagtitiwala sa sarili. Kailangang lumayo sa magulong paligid kung

kinakailangan. Alaming mabuti kung anong paksa ang isusulat at itutuon ang pansin dito.

Si Calsado (1978), sa kanyang pag-aaral na may pamagat "The Composition Interest of the First Year Students in Ilocos Norte High School" ay kanyang natuklasan ang mga sumusunod : Ang mga mag-aaral na magkakaibang kasarian ay may pagkakaiba sa hilig ng mga paksang nais sulatin. Kinagigiliwan ng mga mag-aaral na lalaki ang mahalagang paksa tulad ng pangarap at ambisyon, para sa mga babae naman ay yaong nauukol sa kanilang sarili gaya ng mga ayaw at gusto, atbp.

Ang mga mag-aaral na lalaki at babae ay kapwa mahilig sa paksang nauukol sa karanasan sa bahay at paaralan. Higit ang kanilang pagkawili sa mga paksang may kaugnayan sa sariling karanasan, mga kahanga-hangan gawain ng ibang tao at mga gawaing makabuluhan sa labas ng paaralan.

Ang mga mag-aaral ayon sa gulang ay walang malaking pagkakaiba sa mga hilig ng paksang gusto sulatin ay tungkol sa laro at sa kapaligiran.

Ang pag-aaral na ginawa ni Calsado ay magkahawig sa kasalukuyan pag-aaral sapagkat ito ay naglalayong tumuklas sa bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng sulating pormal nagkakaiba

rin ito sa wikang ginamit ang una ay Ingles at ang kasalukuyan ay isinasagawa sa wikang Filipino at sumasaklaw lamang sa ikalawang taon mga mag-aaral sa sekundarya ng paaralang Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar, samantala ang kay Calsado ay tungkol sa mga nag-aaral sa unang taon ng Mataas na Paaralan ng Ilocos Norte.

Ayon naman sa pag-aaral ni Calub (1982), tungkol sa "Mga Karaniwang Kamalian sa Pagsulat ng Kathang Pormal sa Ingles at Filipino" ang mga mag-aaral sa sekundarya ay kanyang natuklasan, na higit na madiwa ang mga kathang pormal na Filipino kaysa sa Ingles sa magkaparehong paksang tinatalakay. Ito ay resulta ng kakayahan ng guro at ibang taong may kinalaman sa kanilang pagkatoto at paglalantad ng nasa medya sa paligid ng Timog Lungsod ng Cagayan de Oro.

Ang pag-aaral ni Calub ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang tema ng pag-aaral ay sa pagsulat ng paksa sa sulating pormal. Ang kaibahan dito, ang pag-aaral na una ay paghahambing ng kamalian sa pagsulat ng kathang Ingles at Filipino. Samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa bisa ng paggamit ng popolar na awitin sa pagsulat ng pormal na sulatin.

Ayon sa pag-aaral ni Someze (1982), tungkol sa "Isang Pagsusuri ng mga Kamalian sa Sulating Pormal sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikaapat na Taon ng Mataas na Paaralan ng Kolehiyo ng Katedral, Siyudad ng Dumaguete, Panuruang Taon 1981-1982" ay natuklasan niya na ang mga sulating ginawa ay may nawawalang titik sa salita hindi akma ang mga salitang ginagamit bilang ugnayan ng mga salita sa pangugusap. Ang pagtatala at paghahati ng salita ay hindi wasto. Karamihan sa mga sulating ginagawa ay nagkakapalit ang paggamit ng salitang sa sa halip ng ng/nang, kong sa kung, tulad din ng may at mayroon, pagbabaybay ng o at u, at i sa e.

Ang sanhi ng mga kamaliang ito ay kapabayaan at kawalang-ingat sa pagsulat ng mga sulatin dahil sa kakulangan sa pagsasanay ng pagsulat. Hindi gaano ang kaalaman sa wastong gamit at pagbaybay ng mga salita at higit sa lahat ay kulang ng sigla ang mga mag-aaral sa pagsulat dahil ang paksa ay pigil na maaaring sa iba ay mahirap at sa iba naman ay hindi.

May kaugnayan ang pag-aaral ni Someze sa kasalukuyang pag-aaral. Ang pinagkaibahan lamang ang kay Someze ay tungkol sa pagsusuri ng mga kamalian sa pagpapasulat ng sulating pormal sa ikaapat na taon sa sekundarya sa isang paaralan, samantala ang

kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng pormal na sulatin, sa ikalawang taon sa paaralan ng Samar state Polytechnic College, Catbalogan, Samar.

Ang pananaliksik naman na ginawa ni Corduwa (1988), na may pamagat na "Ang Bisa ng Paggamit ng Wikang Filipino at Wikang Ingles sa Pananahi" ay kanyang natuklasan batay sa kinalabasan ng kanyang pag-aaral una: Bago ilapat ang eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang paggamit ng wikang Filipino, magkapareho ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at sa mga pangkat kontrol mula sa ikalawa hanggang ikaapat na taon sa sekundarya ng Samar State Polytechnic College. Ikalawa: Walang mahalagang kaibhan ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo. Ikatlo: Walang mahalagang kaibhan ang bisa ng wikang Filipino ayon sa inter-aksyon ng iba't ibang antas ng taon sa kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuturuan ng gurong gumamit ng wikang Ingles bilang midyum sa pagtuturo. Ikaapat, walang masasabing higit na mabisang wikang panturo sa asignaturang Sariling Pili, sa kursong pananahi.

Samakatuwid, walang mahalagang kaibhan ang hiwalay na paggamit ng dalawang wikang sinubok sa pananaliksik.

Ang pag-aaral ni Corduwa ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral ang kaibhan nga lamang dahil ang pag-aaral ng kasalukuyang mananaliksik ay ang layunin ay tuklasin ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng sulating pormal. Samantala ang layunin ng pag-aaral ni Corduwa ay tuklasin ang bisa ng paggamit ng wikang Filipino at wikang Ingles sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi).

Ang pag-aaral naman ni Bartolome (1983) ay nagsagawa ng isang eksperimental na pananaliksik ukol sa bisa ng PVOSBM sa pagdulog sa kahusayan sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral na waray sa Paaralang Sentral ng Sangay ng Lungsod ng Calbayog.

Lumabas sa pag-aaral na bago sinimulan ang eksperimento magkatulad ang antas ng kakayahan sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa klaseng eksperimental at klaseng kontrol sa apat na paaralang sentral ng Calbayog Pilot, Calbayog East, Oquendo at Tinambacan.

Lumabas na higit ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa klaseng eksperimental, pagkatapos ipairal ang eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang pagdulog ng PVOSBM.

Ang pag-aaral ni Bartolome ay naiiba sa pag-aaral ng mananaliksik dahil ang layunin sa kasalukuyang pag-aaral ay tuklasin ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagtuturo ng pagsulat ng sulating pormal samantala ang kay Bartolome ay ukol sa bisa ng paggmit ng pagdulong PVOSBM.

Ang pananaliksik naman ni Moscosa (1980) na may pamagat "Free versus Controlled Composition Writing : A Comparative Study", ang kanyang layunin sa pag-aaral na ito ay paghambingin ang dalawang pamamaraan ng pagtuturo sa pagsulat ng sulating pormal, ang kontrolado at malayang pagsulat. Ang dalawang pangkat na pinaghambing ay mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ng Paaralang Elementarya ng San Julian, San Julian, Eastern Samar, taong panuruang 1979-1980.

Ang Kinalabasan ng kanyang pananaliksik ay naibunyag sa mga nakuhang tamtamang iskor ng mga mag-aaral, napatunayan na ang mga mag-aaral na nasa kontroladong pangkat ang mas mataas ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng sulating pormal kaysa sa malayang pagsulat .

Ang pag-aaral ni Moscosa ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral ng mananaliksik dahil ito ay

ukol sa dalawang pamamaraan ng pagtuturo sa pagsulat ng sulating pormal, ang kaibhan nga lamang sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa wikang Ingles ang ginamit ang sa huli ay sa wikang Filipino at isa pa nasa antas ng elementarya ang mga mag-aaral na kalahok samantala ang kasalukayang pag-aaral ay nasa antas ng haiskul ikalawang taon.

Ang lahat ng mga nabanggit ay pawang paniniwala ng mga may-akdang lokal tungkol sa pagpili ng paksa at mga pagdulog sa pagsulat ng sulating pormal. Ang kanilang mga nabanggit ay nakapagdulot ng mga pagpapaliwanag bilang mabisang patnubay sa ikatatagumpay ng pagsulat. Higit sa lahat, nadadagdagan ang mga kaalaman ng mga mag-aaral dahil sa pagkupkop ng mga karagdagang ideya na galing sa ibang pook dahil dito, lalong magiging masining ang mga pamamaraan ng pagsulat lalo na sa pagpili ng mga paksa sa sulating pormal.

Ayon kay Belvez (1985:45), na ang pagtuturo ay laging sinasabing isa sa mga dakilang propesyon kundi isang misyon. Totoo ito sapagkat maraming pananagutan ang nakaatang sa mga balikat ng guro at mahabang kuwentas ng paglilingkod. Tunay na pagyakap ninuman sa propesyong pagtuturo, marami ang kinakaharap na mga suliranin sa loob ng silid-aralan at mga pagsubok sa kakayahan ng isang karaniwang

guro at bago maisagawa ang paglutas sa mga suliraning ito kinakailangan niya munang magkaroon ng malawak na kaalaman sa pag-unawa sa kanyang mga tinuturuan. Idunugtong pa ng awtor na lalong magiging matagumpay ang isang guro sa kanyang pagtuturo kung malalaman niya at mauunawaan ang mga katangian ng mga mag-aaral. Dapat din malaman ng guro ang mga katangiang panlahat sanhi ng ilang salik, tulad ng kapaligiran, angkan, kasarian, gulang at lahi.

Ipinahayag din ng awtor na ang isang mabuting guro ay maunlad at mapanaliksik, kinakailangan niya ang patuloy na pagtuklas sa mga bagong kalakaran sa pagtuturo na makakatulong sa pagpapabuti ng pag-aaral. Kinakailangan daw ng isang guro ang patuloy na pagsaliksik, pagbabasa ng mga pampropesyunal na mga aklat at magasin, ang pagdalo sa mga seminar para sa bagong kalakaran ng pagtuturo at ang muling pag-aaral kung panahon ng bakasyon (summer classes).

Ang mga ipinahayag ng awtor ay may kaugnayan sa kabatiran ng bagong kalakaran sa mabisang pagtuturo na natutuhan ng mananaliksik sa isang seminar. Ito ay may kaugnayan din sa kanyang mga suliranin sa loob ng silid-aralan, ang pagpapasulat ng komposisyong pormal. Dala ng mahabang panahong karanasan sa pagtuturo, naobserbahan ng mananaliksik

ang suliraning bumabalot sa katauhan ng mga mag-aaral, naisipan niyang tuklasin ang bisa ng pagdulog na maaaring makatulong upang mapadali ang paglutas sa suliraning kinakaharap niya. Ang pagdulog na ito ay tinatawag na pagdulog sa pakikinig o ang tulong ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng komposisyon. Nababanaag ng mananaliksik na maaari sigurong maging mabisa ito sa dahilang napakatamis sa panlasa ng mga kabataan ang musika sa kasalukuyan. Totoo marahil ang sabi ng isang manunulat na "Ang musika ay wika ng kaluluwa, may ugnayan ang Panginoon at ang musika." (Filipino I - serye ng SEDP:1987)

Ayon naman kay Abangan (1991:136), isang kolunmista, ang musika ay naglalagos sa kaluluwa, nakaaangat ng kamalayan at nakapagpapasigla ng puso. Ito raw ay nakakawala ng bigat ng suliranin na waring haplos sa naninimdim na dibdib. Para naman kay Anderson ito ang pahayag niya sa Ingles, "where words fail, music speaks". Ito ay mapapatunayan sa mga kundiman na inaawit noong panahon ng mga kabinataan na di makapagpahayag sa kanilang niloloob sa harap ng kanyang nililiyag, na sa tulong ng isang awiting angkop sa kanyang nararamdaman ay maaari niya itong masabi sa pamamagitan ng panghaharana.

Ang situwasyong ito ay hindi nalalayo sa pinakapaksa ng mananaliksik, ito ay ang pagpapasulat ng komposisyon na maaaring makatulong ng malaki ang mga popular na awitin sa pagbuo ng isang kaakit-akit na sulating pormal. Magiging madali siguro ang pagpapahayag nila ng mga kaisipan ayon sa pinakinggang awitin na may malaking kaugnayan sa kanilang nararamdaman, naiisip, at nakikita sa ibig ipahiwatig ng kompositor. Ang mga popular na awitin ayon kay Tupaz (1992-lecture), ay may klasipikasyon ayon sa paksa o tema, ito ay tungkol sa katotohanan ng buhay, pagmamahal sa Diyos at sa kapwa maging ito man ay ukol sa pag-ibig sa bayan, ukol sa kalikasan, pag-ibig o love song at mga suliraning sosyal, ang mga ito ay maaaring mapagkunan ng mga paksang ipasusulat sa mga mag-aaral.

Sinabi rin ni Tolstoy (1991:36) sa Ingles "Music is the shorthand of emotions. Emotions which let themselves one described in words which such difficulty, are directly conveyed to man in music, and in that is its power and significance". Sa pahayag na ito ay masasabi na ang musika ay may kapangyarihang pumukaw ng damdamin at kumakatawan ng iba't ibang behikulong ginagamit ng mga kompositor upang ihatid sa masa ang mensaheng sosyal kasabay ng

pagbibigay-aliw, magmulat at magturo. May manunulat din na nagsasabi na pampahaba ng buhay ang musika. Ipinaliwanag ito ni Dr. Diamond sa kanyang aklat na nakasulat sa Ingles, "Our Body Doesn't Lie" na kung bakit mahaba ang buhay ng mga kompositor. Maaaring sumigla ang isang tao mula sa umaga kung pipiliin daw ang musika na kanyang patutugtugin. May magandang epekto ito sa ating katawan kung malalambing na himig o awitin ang ating pakikinggan pagkat mayroon tayong tinatawag na inner pulse. Idinugtong pa ni Dr. Diamond na maiiwasan natin ang sakit kung pakikinggan natin ang wastong tugtugin. Kung tayo'y nalulungkot may mga tugtuging nakapagpapasigla ng puso lalo na kung maririnig ang ating Love Theme Song.

Ayon naman kay Copland (1991:136) ang pakikinig ng mga awitin ay di magkakatulad ang pagtanggap na dumarating sa ating mga tainga, may mababaw ang pakikinig para lamang maaliw, may nakikinig naman ng buong konsentrasyon at lubhang malalim na sinusundan ang bawat elemento ng musika. Ito ang matalinong pakikinig na dapat linangin mabuti sa bawat mag-aaral para makatulong sa pagsulat ng isang malinaw at kaakit-akit na komposisyon. Hindi natin maikakaila na may iba't ibang damdamin ang napupukaw

sa ating pakikinig ng iba't ibang musika. Upang ating madama nang lubusan ang mensaheng pinakikinggan, kailangan nating makinig nang lubusan at may pang-unawa.

Kabanata 3

# METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng disenyo ng pag-aaral, instrumentasyon, balidasyon, pagpili ng kalahok, eksperimentasyon, paglikom ng mga datos at paglalapat ng estadistika.

## Disenyo ng Pag-aaral

Ang ginamit na disenyo na angkop sa pananaliksik ay isang Pretest - posttest eksperimental at kontrol na grupo ng pag-aaral na naglalayong tiyakin ang bisa ng paggamit ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng pormal na sulatin sa antas sekundarya ng Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar taong panuruang 1998-1999. Ang disenyo ng pag-aaral ayon kay Herrin, (1987:39):

| | | |
|---|---|---|
| $Ro_{11}$ | x | $O_{12}$ |
| $Ro_{21}$ | | $O_{22}$ |

Saan ang :

R - ay nangangahulugang randominasyon o walang pagkiling na pagpili ng mga kalahok na sasali sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol.

$O_{11}$ - ay tumutukoy sa unang pagsubok sa kabatiran sa pagsulat ng sulating pormal na ibibigay sa mga mag-aaral sa pangkat eksperimental bago ang eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng sulatin pormal.

$O_{21}$ - ay tumutukoy sa unang pagsubok na ibibigay sa mga kalahok ng pangkat kontrol na hindi gagamitan ng popular na awitin sa pagsulat ng pormal na sulatin.

X - ay tumutukoy sa eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang popular na awitin sa pagsulat ng pormal na sulatin.

$O_{12}$ - ay tumutukoy sa huling pagsubok sa kabatiran ng pagsulat ng pormal na sulatin na ibibigay sa mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental pagkatapos mailapat ang eksperimental na baryabol.

$O_{22}$ - ay tumutukoy sa huling pagsubok na ibibigay sa mga mag-aaral ng pangkat kontrol.

Sa tulong ng talatanungan, ito ay sinagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpili ng tamang

sagot ayon sa pagpipilian na magpapatotoo sa pahayag na kinuha mula sa paksang Pagsulat ng Komposisyon, batayang aklat Filipino II - serye ng SEDP (Apendiks i).

## Instrumentasyon

Ang mananaliksik ay gumamit ng pagsusulit upang matipon, masuri at mabigyan ng kahulugan ang mga datos ukol sa suliraning pinag-aaralan.

Ang pinagkunan ng paksa sa pagsusulit ay kinuha ng mananaliksik sa Batayang - Aklat sa asignaturang Filipino sa ikalawang taon, serye ng SEDP(Apendiks I).

Ang nilalaman ng pagsusulit ay binubuo ng tatlumpu't limang aytem (35) upang matuklasan ang pagkabalido ng pagsusulit (apendiks F), ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa punong-guro ng Wright Vocational School, Paranas, Samar, na makapagsagawa ng dry-run. Ang kalahok ay nagmula sa ikatlong antas asignaturang Filipino na binubuo ng limangpung mag-aaral (50) ng Wright Vocational School, Paranas, Samar.

## Balidasyon ng Pagsusulit

Ang paraang ito ay isinakatuparan upang matiyak ang ilang mga bagay na nangangailangan ng pagbabago

galing sa mga tagasagot sa dry run. Ang layunin nito ay ang pagtamo ng pagkabalido ng instrumento kung ito ay mababasa, mauunawaan, at masasagot ng mga mag-aaral.

Pagkatapos na maisagawa ang dry-run iniwasto ang mga papel ng mananaliksik at itinali ang mga iskor ayon sa pagkakasunod-sunod mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababang iskor. Ipinasuri ito sa isang taong may awtoridad, tinuos ang indeks ng kahirapan at ang indeks ng diskriminasyon, neribesa ang mga tanong at muling sinuri ang bawat aytem nang masinsinan para sa huling pagpapalimbag. Ang naging resulta ng pagsusuri, ang apatnapu't limang (45) aytem ay naging tatlumpu't limang aytem (35) na lamang dahil ang iba ay hindi tinanggap (Apendiks F).

## Pagpili ng mga Kalahok

Ang pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral yaong kumukuha lamang ng asignaturang Filipino sa ikalawang taon, pangkat Gold. Ipinasya ng mananaliksik na mula sa antas na ito gawin ang pag-aaral dahil nasa taong ito tinatalakay ang aralin ukol sa pagpapasulat ng sulating pormal(Apendiks I).

Ang paraang ginamit sa pagpili ng mga kalahok ay kinuha ng mananaliksik ang mga marka ng mga

kalahok sa kanilang guro sa asignaturang Filipino II ang mga markang ito ay mula sa kanilang unang markahan pagkatapos ay tinuos ang balasak. Ang pagkakasunod-sunod ng kanilang grado ang siyang pinagbatayan - sa pagpili ng mga bumuo sa pangkat. Ang Pangkat Gold ay may apatnapu't pitong mag-aaral, ang pinakamataas na grado ay nilagyan ng bilang isa (1) hanggang sa umabot sa apatnapu't pito (47) ang pinakamababa, ngunit apatnapu (40) lamang ang kukuning kalahok. Ang mga pantay na bilang ay itinalaga sa pangkat eksperimental at ang mga di-pantay na bilang ay itinalaga naman sa pangkat kontrol. Pagkatapos, tinuos ang tamtamang balasak ng dalawang pangkat. Ang mga kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo sa isang pangkat ay hindi pare-pareho dahil ito ay ibinatay sa kanilang mga marka, ngunit magkapareho ng kakayahan ang dalawang pangkat.

<u>Eksperimentasyon</u>

Sa loob ng ikatlong markahan isinasagawa ang pag-aaral sa ikalawang taon Pangkat Gold. Bago magsimula ang eksperimental na pag-aaral humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa mga kinauukulan hinggil sa gagawing pag-aaral(Apendiks S).

Bago ilapat ang eksperimental na baryabol, ang mga mag-aaral sa pangkat eksperimental at ang pangkat kontrol ay bibigyan ng panahong ihanda ang kanilang sarili sa pagkuha ng unang pagsubok na ibibigay ng mananaliksik sa ikasampu hanggang ikalabing-isa ng umaga. Titiyakin muna na bago umpisahan ng mga kalahok ang pagsagot, dapat maunawaan at masusunod ang lahat ng mga panutong inihanda sa pagsusulit. Pagkatapos nito ay titipunin ang lahat ng mga sagutang papel, paghihiwalayin ang mga nasa pangkat eksperimental at ang nasa pangkat kontrol, pagkatapos ng pagwawasto ang mga nasabing pagsusulit ay bibilangin ang mga iskor ng bawat mag-aaral sa mga pangkat at paghahambingin ang mga resulta saka susuriin ang mga iskor upang matiyak ang pagkakaiba ng natamong iskor ng mga kalahok na mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at sa mga pangkat kontrol.

**Paglikom ng mga Datos**

Bago simulan ang pormal na pagtuturo, titiyakin muna ng mananaliksik na ang mga mag-aaral na nasa silid-aralan ay ang nasa pangkat eksperimental na kalahok baka mahaluan ng pangkat kontrol na kalahok dahil ang tatalakayin sa bawat pangkat ay makaiba at

magkahiwalay kahit ns magkapareho ang paksang-aralin.

Uumpisahan ng guro ang pagtuturo sa Filipino ng independent na baryabol, sa loob ng isang oras na ang pagbabatayan ng pagtuturo ay ang inihandang banghay-aralin sa pagtuturo ng pagsulat ng sulating pormal na gagamitan ang popular na awitin(Apendiks K).

Para sa klaseng kontrol, tradisyunal na paraan ng pagtuturo ang gagamitin ng guro na ang pagbabatayan ng pagtuturo ay ang banghay-aralin na inihanda ng mananaliksik. Pareho ang panahon na ibibigay sa pagtuturo sa pag-aaral ng dalawang pangkat. Hindi na ito gagamitan ng popular na awitin sa pagtuturo ng pagsulat ng pormal na sulatin(Apendiks J).

Pagkatapos ng pagtatakda ng panahon sa pag-aaral, ang huling pagsubok naman ang ibibigay ng guro sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol upang matiyak ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng sulating pormal. Katulad ang sa unang pagsubok, sa ikasampu hanggang ikalabing-isa ng umaga ibibigay ang nasabing huling pagsubok. Pagkatapos nito ay paghihiwalayin din ang mga sagutang papel, itsetsek ito at itatale rin ang iskor ng bawat pangkat. Ang pagsulat naman ng

burador ang isasagawa sa susunod na pagtatagpo. Ang pangkat kontrol ang unang susulat sa araw na iyon ng sulating pormal na hindi ginagamitan ng popular na awitin at sa sumunod pang araw ay ang pangkat eksperimental naman ang pasusulatin ng sulating pormal na ginagamitan ng popular na awitin bilang basihan ng kanilang paksang susulatin sa sulating pormal. Pareho rin ang panahon o oras na ilalaan sa pagpapasulat. Iwawasto ang mga ito ng mananaliksik at lalagyan ng kaukulang grado ang bawat sulating pormal at itatali rin ang mga nasabing mga grado para matiyak ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagpapasulat ng sulating pormal(Apendiks S). Pareho rin ang prosesong gagawin sa pagpapasulat ng sulating pormal. Ito ang huling pagpapasulat ng sulating pormal dahil bawat markahan lamang nagpapasulat sa loob ng taong panuruan. Iwawasto rin ang mga naisulat ng mga bata, lalagyan ng kaukulang grado ang bawat isa at itatale rin ito at ipasusuri ang resulta ng pag-aaral at saka ilalapat ang angkop na estadistikang pagsusuri.

<u>**Paglalapat ng Estadistika**</u>

Sa pagsasagawa ng kinakalangang datos, tutuusin ang mean, ang variance, ang t-test para sa indepent na baryabol at saka ang t-test para sa dependent na

baryabol ayon sa pormula nina Punsalan T. at Uriarte, G (1897:137-139) na maaaring magamit :

The mean,

$\overline{X}$.

$$\overline{X} = \frac{X}{N}$$

The variance :

$$S^2 = \frac{N\Sigma X^2 - (\Sigma X)^2}{N(N-1)}$$

T - Test para sa independent na baryabol :

$$t = \frac{\overline{X}_1 - \overline{X}_2}{\sqrt{\frac{N_1-1)S_1^2 + (N_2-1)S_2^2}{N1 + N2 - 2}\left[\frac{1}{N1} + \frac{1}{N2}\right]}}$$

t-test para sa dependent na baryabol :

$$t = \frac{\overline{d}_{sd}}{\sqrt{N}}$$

Saan ang :

$\overline{X}_1$ - ay tumutukoy sa iskor ng mean ng unang pangkat

$\overline{X}_2$ - ay tumutukoy sa iskor ng mean ng pangalawang pangkat

$N_1$ - ay tumutukoy sa bilang ng obserbasyon sa unang pangkat.

$N_2$ - ay tumutukoy sa bilang ng obserbasyon sa pangalawang pangkat.

$S_2^1$ - ay tumutukoy sa variance ng unang pangkat

$S_2^2$ - ay tumutukoy sa variance ng pangalawang pangkat.

$\bar{d}$ - ay ang mean difference sa iskor ng dalawang pangkat na pinaghambing

sd - ay ang square root ng variance sa kaibhan ng iskors sa dalawang pangkat na pinaghambing.

## Kabanata 4

# PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad sa kinalabasan ng unang pagsubok, ang pagkakatulad ng mga antas sa kabatiran sa Filipino ng mga kalahok na mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol bago ilapat ang independent baryabol at ang kinalabasan ng huling pagsubok.

### Ang Profile ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental at sa Pangkat Kontrol ayon sa Gulang, Kasarian at grado

Ang unang talahanayan ay nagpapakita ng profile ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental.

Ang mga datos sa mga hanay ay nagpapakita ng gulang, kasarian at ang grado sa Filipino II sa unang markahan sa bawat pangkat. Karamihan sa gulang ng pangkat kontrol ay may labing-apat at mas marami ang mga babae, ang kanilang grado sa Filipino II ay may tamtaman na 89.65 samantala ang pangkat eksperimental pareho sa dami ng mga mag-aaral na may

Talahanayan I

**Profile ng mga Mag-aaral sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental**

| Pangkat Kontrol | | | | Pangkat Eksperimental | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Bilang ng Mag-aaral | Gulang | Kasarian | Grado sa Filipino II | Bilang Ng Mag-aaral | Gulang | Kasarian | Grado sa Filipino II |
| 1 | 13 | lalake | 93 | 1 | 14 | lalake | 93 |
| 2 | 15 | babae | 93 | 2 | 14 | lalake | 92 |
| 3 | 14 | babae | 92 | 3 | 13 | lalake | 91 |
| 4 | 13 | lalake | 91 | 4 | 13 | lalake | 91 |
| 5 | 14 | babae | 91 | 5 | 14 | babae | 91 |
| 6 | 14 | babae | 91 | 6 | 14 | babae | 91 |
| 7 | 13 | lalake | 90 | 7 | 13 | lalake | 90 |
| 8 | 14 | lalake | 90 | 8 | 15 | lalake | 90 |
| 9 | 14 | babae | 90 | 9 | 14 | babae | 90 |
| 10 | 14 | babae | 90 | 10 | 13 | babae | 90 |
| 11 | 13 | babae | 90 | 11 | 15 | babae | 90 |
| 12 | 13 | lalake | 89 | 12 | 14 | lalake | 89 |
| 13 | 14 | babae | 89 | 13 | 14 | babae | 89 |
| 14 | 14 | babae | 89 | 14 | 14 | babae | 89 |
| 15 | 14 | babae | 89 | 15 | 14 | lalake | 88 |
| 16 | 13 | babae | 88 | 16 | 13 | babae | 88 |
| 17 | 14 | babae | 88 | 17 | 13 | lalake | 87 |
| 18 | 14 | lalake | 87 | 18 | 14 | lalake | 87 |
| 19 | 14 | babae | 87 | 19 | 14 | lalake | 86 |
| 20 | 13 | babae | 86 | 20 | 14 | babae | 86 |
| | | | 1793 | | | | 1788 |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N = 20<br>Total = 274 | Lalake<br>Babae | = 6<br>= 14 | N = 20<br>$\Sigma X$ = 1793 | N = 20<br>$\Sigma X$ = 276 | Lalake<br>Babae | = 11<br>= 9 | N = 20<br>$\Sigma X$ = 1788 |
| Mean = | 13.7 years old | $\bar{X}$ = | 89.65 | $\bar{X}$ = | 13.8 years | $\bar{X}$ = | 89.4 years |
| SD = | 0.57 | SD = | 1.90 | SD = | 0.62 | SD = | 1.93 |

gulang labing-apat subalit mas marami ang mga lalake at ang grado sa Filipino II ay may tamtaman na 89.4.

**Iskor ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental sa Unang Pagsubok at Huling Pagsubok**

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng kinalabasan ng unang pagsubok at huling pagsubok ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental.

Ang datos ay nagpapakita ng unang pagsubok ang pangkat kontrol ay may kabuuang tamtaman na 495 at ang tamtamang iskor ay 24.75 samantala ang pangkat eksperimental ay may kabuuang tamtaman na 519 at ang tamtamang iskor ay 25.95. Ang eksperimental na pangkat ay mataas ang tamtamang iskor kaysa sa pangkat kontrol. Ang antas ng pagkakaiba ay 1.2.

Sa huling pagsubok, ang pangkat kontrol ay may kabuuang tamtaman na 570 at ang tamtamang iskor ay 28.5 samantala ang pangkat eksperimental ay may kabuuang tamtaman na 611 at ang tamtamang iskor ay 30.05. Ang pangkat eksperimental ay may mataas na tamtamang iskor kaysa sa pangkat kontrol at ang antas ng pagkakaiba ay 1.55.

**Paghahambing ng mga Iskor ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental sa Unang Pagsubok**

Ang layunin ng ipotesis na ito ay upang hambingin ang antas ng kaalaman o mga karanasan sa pag-aaral ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental.

Sa talahanayan 3 ay nagpapakita ng tamtamang iskor sa standard deviation at t-value ng unang pagsubok ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental. Ang pangkat kontrol ay may tamtamang iskor na 24.75 at ang pangkat eksperimental ay may tamtamang iskor na 25.95 samakatuwid, maaaring sabihin na mayroong katamtamang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng unang pagsubok ng dalawang pangkat. Ang antas ng pagkakaiba ay 1.2.

Ang tinuos na t-value ay 0.951 ay mababa kaysa sa talahanayang t-value na 2.021 at 0.05 antas ng pagkakaiba na may 38 degrees of freedom, dahil ang computed value ay mababa kaysa sa critical t-value, ang epotesis bilang isa na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng unang pagsubok ng dalawang pangkat ay tinatanggap. Ito ay nagpapakita na ang dalawang pangkat ng mga kalahok

Talahanayan 2

**Kinalabasan ng Unang Pagsubok at Huling Pagsubok sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental**

| Pangkat Kontrol | | | Pangkat Eksperimental | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Bilang ng Mag-aaral | Unang Pagsubok | Huling Pagsubok | Bilang ng Mag-aaral | Unang Pagsubok | Huling Pagsubok |
| 1 | 24 | 32 | 1 | 34 | 33 |
| 2 | | 32 | 2 | 31 | 32 |
| 3 | 18 | 20 | 3 | 29 | 32 |
| 4 | 27 | 32 | 4 | 28 | 31 |
| 5 | 25 | 30 | 5 | 26 | 31 |
| 6 | 28 | 31 | 6 | 25 | 29 |
| 7 | 20 | 26 | 7 | 27 | 32 |
| 8 | 27 | 26 | 8 | 27 | 32 |
| 9 | 17 | 26 | 9 | 29 | 31 |
| 10 | 27 | 27 | 10 | 22 | 27 |
| 11 | 31 | 31 | 11 | 16 | 32 |
| 12 | 25 | 27 | 12 | 31 | 31 |
| 13 | 23 | 26 | 13 | 27 | 28 |
| 14 | 26 | 26 | 14 | 23 | 32 |
| 15 | 26 | 27 | 15 | 24 | 29 |
| 16 | 25 | 30 | 16 | 21 | 32 |
| 17 | 24 | 31 | 17 | 21 | 32 |
| 18 | 28 | 29 | 18 | 26 | 31 |
| 19 | 18 | 30 | 19 | 28 | 29 |
| 20 | 30 | 31 | 20 | 24 | 25 |
| N | 20 | 20 | N | 20 | 20 |
| Total | 495 | 570 | Total | 519 | 611 |
| Mean | 24.75 | 28.5 | Mean | 25.95 | 30.05 |
| SD | 3.82 | 3.07 | SD | 4.15 | 2.06 |

sa simula ng pag-aaral ay may parehong antas ng kaalaman at karanasan sa asignaturang Filipino II.

Talahanayan 3

**Kinalabasan ng T-Test ng Mean Score ng Unang Pagsubok ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental**

| Bilang ng Mag-aaral | Iskor Pangkat Kontrol | Iskor Pangkat Eksperimental |
|---|---|---|
| 1 | 34 | 24 |
| 2 | 31 | 27 |
| 3 | 29 | 18 |
| 4 | 28 | 27 |
| 5 | 26 | 25 |
| 6 | 25 | 28 |
| 7 | 27 | 20 |
| 8 | 27 | 27 |
| 9 | 29 | 17 |
| 10 | 22 | 27 |
| 11 | 16 | 30 |
| 12 | 31 | 25 |
| 13 | 27 | 23 |
| 14 | 23 | 26 |
| 15 | 24 | 26 |
| 16 | 21 | 25 |
| 17 | 21 | 24 |
| 18 | 26 | 28 |
| 19 | 28 | 18 |
| 20 | 24 | 30 |
| N | 20 | 20 |
| Total | 495 | 519 |
| Mean | 24.75 | 25.95 |
| $\sum X^2$ | 12, 529 | 13, 795 |
| SD | 3.82 | 4.15 |
| Computed T | | 0.95 |
| Critical T | | 2.021 |
| Decision | | Accept $H_o$ |

**Paghahambing ng Unang Pagsubok at Huling Pagsubok sa Pangkat Eksperimental**

Inirerepresenta sa talahanayang 4 ang kinalabasan ng pagsusuring istadistikang ginawa sa una at huling tamtamang iskor ng pangkat eksperimental. Ito ay nagpapakita na ang tamtamang iskor ng unang pagsubok ay may tamtamang iskor ang pangkat eksperimental na 25.95 samantalata ang huling pagsubok ay may tamtamang iskor na 30.05. Ang tamtamang pagkakaiba ay may 4.1.

Ang tinuos na t-value ay 4.87 na mas mataas ang talahanayan t0value ay 2.093 at 0.05 antas ng pagkakaiba na may 10 degrees of freedom. Kaya ang epotesis bilang 2 na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba ang una at huling pagsubok ng dalawang pangkat ay hindi tinatanggap. Mayroon mahalagang pagkakaiba na kung bibigyan ng interpretasyon, nangangahulugan na ang pangkat eksperimental ay mayroon malaking pag-unlad ng kaalaman sa huling pagsubok kaysa sa unang pagsubok.

Talahanayan 4

**Kinalabasan ng Unang Pagsubok at Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental**

| Bilang ng Mag-aaral | Unang Pagsubok | Huling Pagsubok | d |
|---|---|---|---|
| 2 | 31 | 32 | 1 |
| 3 | 29 | 32 | 3 |
| 4 | 28 | 31 | 4 |
| 5 | 26 | 31 | 5 |
| 6 | 25 | 29 | 4 |
| 7 | 27 | 32 | 5 |
| 8 | 27 | 32 | 5 |
| 9 | 29 | 31 | 2 |
| 10 | 22 | 27 | 5 |
| 11 | 16 | 32 | 16 |
| 12 | 31 | 31 | 0 |
| 13 | 27 | 28 | 1 |
| 14 | 23 | 32 | 9 |
| 15 | 24 | 29 | 5 |
| 16 | 21 | 32 | 11 |
| 17 | 21 | 32 | 11 |
| 18 | 26 | 31 | 5 |
| 19 | 28 | 29 | 1 |
| 20 | 24 | 25 | 1 |
| N | 20 | 20 | 20 |
| Mean | 25.95 | 30.05 | 4.65 |
| Total | | | 93 |
| SD | | | 4.27 |
| Computed t | | | 4.87 |
| Critical/ Tabular t | | | 2.093 |
| Decision | | | Reject $H_o$ |

## Paghahambing ng Unang Pagsubok at Huling Pagsubok sa Pangkat Kontrol

Ang talahanayang 5 ay nagpapakita ng tamtamang iskor ng unang pagsubok at huling pagsubok ng pangkat kontrol. Ito ay naipapakita sa tamtamang iskor ng unang pagsubok ng pangkat kontrol ay 24.75 samantala ang tamtamang iskor ng huling pagsubok ay 28.5. Antas ng pagkakaiba ay 3.75.

Ang tinuos na t-value ay 5.118 at ang talahanayang t-value 2.093 at 005 antas ng pagkakaiba na may 19 degrees of freedom. Ito ay nagpapabatid na ang epotesis bilang 3 na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng unang pagsubok at huling pagsubok ng pangkat kontrol ay hindi tinatanggap.

Mayroong mahalagang pagkakaiba ang kinalabasan ng unang pagsubok at huling pagsubok ng pangkat kontrol. Ang pangkat kontrol ay nakagawa ng mahalagang pag-unlad mula sa unang pagsubok at sa huling pagsubok sa kaalaman sa asignaturang Filipino. Isa pa, ito'y nagpapahiwatig na tumaas ang iskor sa huling pagsubok ng pangkat kontrol, nagpapakita nang mataas ang nakuhang kaalaman

Talahanayan 5

**Kinalabasan ng T-test sa Pagitan ng Mean Scores ng Unang Pagsubok at Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol**

| Bilang ng Mag-aaral | Unang Pagsubok | Huling Pagsubok | d |
|---|---|---|---|
| 1 | 24 | 32 | 8 |
| 2 | 27 | 32 | 5 |
| 3 | 18 | 20 | 2 |
| 4 | 27 | 32 | 5 |
| 5 | 25 | 30 | 5 |
| 6 | 28 | 31 | 3 |
| 7 | 20 | 26 | 6 |
| 8 | 27 | 26 | -1 |
| 9 | 17 | 26 | 9 |
| 10 | 27 | 27 | 0 |
| 11 | 30 | 31 | 1 |
| 12 | 25 | 27 | 2 |
| 13 | 23 | 26 | 3 |
| 14 | 26 | 26 | 0 |
| 15 | 26 | 27 | 1 |
| 16 | 25 | 30 | 5 |
| 17 | 24 | 31 | 7 |
| 18 | 28 | 29 | 1 |
| 19 | 18 | 30 | 2 |
| 20 | 30 | 31 | 1 |

| | | |
|---|---|---|
| N | | 20 |
| $\Sigma X$ | | 65 |
| Mean | | 3.25 |
| SD | | 2.84 |
| Computed t-value | | 5.118 |
| Tabular t-Value | 2.093 at $\alpha = 0.05$ and df = 19 | |
| Decision | Reject $H_o$ | |

pagkatapos sa malapatan ng kaukulang lunas ang mga kalahok.

**Paghahambing ng Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol sa Pangkat Eksperimental**

Ang ipotesis na ito ay sumasaklaw lamang sa suliranin sa paghahambing ng resulta ng huling pagsubok ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental. Ang t-test ng independent sample ay ginamit sa pagsubok ng null hypothesis dahil ang pag-aaral ay gumamit ng dalawang magkaibang pangkat.

Ang tinuos na t-value ay 1.875 ay mababa kaysa tabular o critical value ay 2.021. Ito ay nangangahulugang tanggap o tinatanggap ang null hypothesis. Samakatuwid, walang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng huling pagsubok ng dalawang pangkat ay magkapareho ang kakayahan pagkatapos ng eksperimento. Ang pagtuturo ng pagsulat ng sulating pormal sa tulong ng isang popular na awitin ay nagkaroon ng magandang resulta ayon sa ipinakitang unang pagsubok at sa huling pagsubok. Ang interpretasyon ay nagpapatunay na ang pangkat kontrol at pangkat eksperimental ay parehong maganda ang performance sa bawat estratehiyang ginamit sa pagtuturo. Kung gayon, ang paggamit ng ng alinman sa pagdulog na ginamit sa pagtuturo ng pagsulat ng sulating pormal ay epektibo.

Talahanayan 6

**Kinalabasan ng Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental**

| Bilang ng Mag-aaral | Pangkat Kontrol | Pangkat Eksperimental |
|---|---|---|
| 1 | 32 | 33 |
| 2 | 32 | 32 |
| 3 | 20 | 32 |
| 4 | 32 | 31 |
| 5 | 30 | 31 |
| 6 | 31 | 29 |
| 7 | 26 | 32 |
| 8 | 26 | 32 |
| 9 | 26 | 31 |
| 10 | 27 | 27 |
| 11 | 31 | 32 |
| 12 | 27 | 31 |
| 13 | 26 | 28 |
| 14 | 26 | 32 |
| 15 | 27 | 29 |
| 16 | 30 | 32 |
| 17 | 31 | 32 |
| 18 | 29 | 31 |
| 19 | 30 | 29 |
| 20 | 31 | 25 |

| | | |
|---|---|---|
| N | 20 | 20 |
| Total | 570 | 601 |
| Mean | 28.5 | 30.05 |
| SD | 3.07 | 2.06 |

Computed t 1.875
Critical t 2.021

Decision Accept $H_o$

Marami ang mga dahilan kung bakit ang talakayan-lecture ay nakahihikayat sa pag-aaral. Naipaliliwanag ng guro nang malinaw ang mga aralin kahit na ang mga masalimuot na suliranin at mga situwasyon sa simpleng pamamaraan para maunawaan ng mga mag-aaral, maaari niyang maipakita ang mga kasanayan ng tama at sunod-sunod ang paggamit din ng mga kagamitan sa pagtuturo, at marami niya ang mga kamalian at pag-unlad ng mga mag-aaral kung may mga pagsasanay at mga kasanayan sa gawain at kung kinakailangan ay magkaroon ng muling pagtuturo sa mga aralin.

**Paghahambing ng Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental ayon sa Gulang**

Ang ipinakita sa talahanayang 7 ay ang kinalabasan ng huling pagsubok ayon sa gulang. Ang mga mag-aaral ay pinangkat sa dalawa. Ang unang pangkat ng mga mag-aaral na binuo ng labintatlong (13) gulang at ang ikalawang pangkat ay binubuo ng labing-apat hanggang labinlimang (14-15) taong gulang.

Ang tinuos na t-value ay 0.863 para sa labintatlong taong gulang at 1.21 para sa labing-apat, na masyadong mababa kaysa sa talahanayan t-value na may 2.120 at0.05;df = 16 antas ng

kabuluhan. Ito ay nagpapatunay na ang epotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor sa huling pagsubok ng pangkat eksperimental sa pangkat kontrol ayon sa antas ng gulang kung kaya tinanggap. Ito ay lalong nagpapatunay na ang gulang ay hindi sagabal ng pagsulat ng sulating pormal na inilantad sa pamaraang ginamit sa pag-aaral na ito.

### Paghahambing ng Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol ayon sa Gulang

Ang ipinakita sa talahanayang 8 ay ang kinalabasan ng huling pagsubok ayon sa gulang. Ang mga mag-aaral ay pinangkat sa dalawa. Ang unang pangkat ng mga mag-aaral na binubuo ng labintatlong (13) gulang at ang ikalawang pangkat ay binubuo naman ang labing-apat hanggang labinlimang (14-15) taong gulang.

Ang tinuos na t-value 1.315 para sa labintatlong (13) gulang at 1.21 para sa labing-apat na masyadong mababa kaysa sa talahanayan t-value na may 2.101 at 0.05; df = 18 antas ng kabuluhan. Ito ay nagpapatunay na ang epotesis na nagsasaad na walang mahalag ang pagkakaiba ang tamtamang iskor sa huling pagsubok ng pangkat eksperimental sa

Talahanayan 7

**Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental Ayon sa Gulang**

| Iskor Pangkat Eksperimental | |
|---|---|
| (13 taong gulang) | (14-15 taong gulang) |
| 32 | 33 |
| 31 | 32 |
| 32 | 31 |
| 27 | 29 |
| 32 | 31 |
| 32 | 31 |
| $\Sigma X = 186$ | 28 |
| $X = 31$ | 32 |
| $N = 6$ | 29 |
| $SD = 2.00$ | 31 |
| | 29 |
| | 25 |
| | $\Sigma X = 361$ |
| | $X = 30.08$ |
| | $N = 12$ |
| | $SD = 2.19$ |

computed t-value = 0.863

Critical t-value = 2.120 at $\alpha = 0.05$ and df = 16

Decision: Accept $H_o$

pangkat kontrol ayon sa gulang kung kaya tinatanggap. Ito ay lalong nagpapatunay na ang gulang ay hindi sagabal ng pagsulat ng sulating pormal na inilantad sa pamaraang ginamit sa pag-aaral na ito.

**Paghahambing ng Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental ayon sa Kasarian**

Ipinakikita sa talahanayang 9 ang kinalabasan ng huling pagsubok ng pangkat eksperimental ayon sa kasarian. Ang pangkat eksperimental ay may labing-isang (11) lalake at siyam (9) ang babae.

Ang tinuos na t-value ng lalake at sa babae ay 2.434 samantala ang critical t-value ay 2.101 at $\alpha$ =0.05; df=18. Ang null hypothesis ay hindi tinantanggap sa pinabasihan ng kinalabasan ng t-value, ito ay maaaring makita na ang pangkat eksperimental ng mga lalake ay mas lubhang mataas ang tamtaman kaysa pangkat kontrol na mga babae. Ito ay maaaring makuha sa ginamit na pamamaraan sa pangkat eksperimental.

**Kinalabasan ng Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol ayon sa Kasarian.**

Ipinakikita sa ikasampung (10) talahanayan ang kinalabasan ng huling pagsubok ng pangkat kontrol ayon sa kasarian. Ang pangkat kontrol ay may pitong (7) lalake at kasarian. Ang pangkat kontrol ay may pitong (7) lalake at labintatlong (13) babae.

Talahanayan 8

Huling Pagsubok ng Pangkat
Kontrol Ayon sa Gulang

| Iskor Pangkat Kontrol | |
|---|---|
| ( 13 taong gulang ) | ( 14-15 taong gulang ) |
| 30 | 20 |
| 32 | 30 |
| 26 | 31 |
| 31 | 26 |
| 27 | 26 |
| 30 | 27 |
| 31 | 26 |
| $\Sigma X$ = 207 | 26 |
| X = 29.57 | 27 |
| N = 7 | 31 |
| SD = 2.23 | 29 |
| | 30 |
| | 32 |
| | $\Sigma X$ = 361 |
| | X = 27.77 |
| | N = 13 |
| | SD = 3.21 |

computed t-value = 1.315

Critical t-value = 2.101 at $\alpha$ = 0.05 and df = 18

Decision: Accept $H_o$

Ang tinuos na t-value ng lalake at sa babae ay 0.434 na mababa kaysa sa critical t-value na 2.101 at $\alpha$ = 0.05; df=18. Ang null hypothesis at

tinatanggap, nangangahulugan na ang pangkat eksperimental na mga babae ay pareho ang kakayahan sa pangkat kontrol na mga lalake. Ito ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral na babae ay pareho ang kakayahan sa mga lalake.

**Paghahambing ng Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol ayon sa Grado sa Filipino II, Unang Markahan.**

Ang talahanayang 11 ay nagpapakita ng kinalabasan ng huling pagsubok ng pangkat eksperimental ayon sa grado sa Filipino II, ang grado ng mga mag-aaral ay hinati sa dalawang kategorya. Ang unang pangkat ng mga mag-aaral ay may grado mula 90 pataas at ang ikalawang pangkat ay may grado mula 89 pababa.

Ang tinuos na t-value ay 1.16 na mas mababa sa talahanayang t-value na 2.086 at 0.05 antas ng kabuluhan ay df=20. Ito ay nagpapatunay na ang epotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng huling pagsubok ng pangkat eksperimental at pangkat kontrol ayon sa kanilang grado sa Filipino ay tinatanggap. Ito ay nangangahulugan na ang grado ng mga mag-aaral na pinangkat, ang pangkat eksperimental ay magkapareho ang kakayahan sa pangkat kontrol.

Talahanayan 9

**Ang Kinalabasan ng Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental Ayon sa Kasarian**

| Pangkat Eksperimental | |
|---|---|
| Lalake | Babae |
| 33 | 31 |
| 32 | 29 |
| 32 | 31 |
| 31 | 27 |
| 32 | 22 |
| 32 | 28 |
| 31 | 32 |
| 29 | 32 |
| 32 | <u>25</u> |
| 31 | $\Sigma X = 257$ |
| <u>29</u> | $X = 28.56$ |
| $\Sigma X = 344$ | $N = 9$ |
| $X = 31.27$ | $SD = 3.432$ |
| $SD = 1.272$ | |

computed t-value = 2.434

tabular t-value = 2.101 at $\alpha = 0.05$ and df = 18

Decision: Reject $H_O$

**Talahanayan 10**

**Kinalabasan ng Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol Ayon sa Kasarian**

| Pangkat Kontrol | |
|---|---|
| Lalake | Babae |
| 30 | 32 |
| 32 | 20 |
| 26 | 30 |
| 26 | 31 |
| 27 | 26 |
| 26 | 27 |
| 29 | 31 |
| | 26 |
| | 27 |
| | 30 |
| | 31 |
| | 30 |
| | 31 |
| $\Sigma X = 196$ | $\Sigma X = 372$ |
| $X = 28$ | $X = 28.62$ |
| $N = 7$ | $N = 13$ |
| $SD = 2.380$ | $SD = 3.330$ |

Computed t-value = 0.434

Tabular t-value = 2.101 at $\alpha = 0.05$ and df = 18

Decision: Accept $H_o$

Talahanayan 11

**Ang Kinalabasan ng Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol ayon sa Grado sa Filipino II, Unang Markahan**

| Pangkat Eksperimental | Pangkat Kontrol |
|---|---|
| (90 at pataas na grado) | |
| 33 | 32 |
| 32 | 32 |
| 32 | 20 |
| 31 | 32 |
| 31 | 30 |
| 29 | 31 |
| 32 | 26 |
| 32 | 26 |
| 31 | 26 |
| 27 | 27 |
| 22 | 31 |
| $\Sigma X_1 = 332$ | $\Sigma X_2 = 313$ |
| $X_1 = 30.18$ | $X_1 = 28.45$ |
| $\Sigma X^2 = 10,122$ | $\Sigma X^2 = 9,051$ |
| (89 at pababang grado) | |
| 31 | 27 |
| 28 | 26 |
| 32 | 26 |
| 29 | 27 |
| 32 | 30 |
| 32 | 31 |
| 31 | 29 |
| 25 | 30 |
| 25 | 31 |
| $\Sigma X_1 = 269$ | $\Sigma X_2 = 257$ |
| $X_1 = 29.89$ | $X_2 = 28.56$ |
| $\Sigma X^2 = 8,085$ | $\Sigma X^2 = 7, 373$ |

# Kabanata 5

## PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay isang paglalahad ng paglalagom, konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral na ito.

### Lagom ng Kinalabasan

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral karamihan sa gulang ng pangkat kontrol ay may labing-apat at mas marami ang mga babae. Ang kanilang grado sa Filipino II ay may tamtamang iskor na 89.65 samantala ang pangkat eksperimental ay katulad sa dami ng mga mag-aaral na may gulang na labing-apat subalit mas marami ang mga lalaki at ang grado sa Filipino II ay may tamtamang 89.4. Ito ay nagpapakita na ang dalawang pangkat ng mga kalahok sa simula ng pag-aaral ay may parehong antas ng kaalaman at karanasan sa asignaturang Filipino II.

Ang pagtuturo ng pagsulat ng sulating pormal sa tulong ng isang popular na awitin ay nagkaroon ng magandang kinalabasan ayon sa ipinakita sa unang pagsubok at sa huling pagsubok. Ang pagpapakahulugan ay nagpapatunay na ang pangkat kontrol at pangkat eksperimental ay paherong maganda ang kakayahan sa

bawat istratehiyang ginamit sa pagtuturo. Kung gayon, ang paggamit ng alinman pagdulog na ginamit sa pagtuturo ng pagsulat ng sulating pormal ay mabisa. Marami ang mga dahilan kung bakit ang talakayang lecture nakahihikayat sa pag-aaral. Naipaliliwanag ng guro nang malinaw ang mga aralin kahit na ang mga masalimuot na suliranin at mga situwasyon sa simpling pamamaraan para maunawaan ang mga mag-aaral. Maaari niyang maipakita ang mga kasanayan nang tama at sunod-sunod. Ang paggamit ng mga kagamitan sa pagtuturo ay masusuri niya ang mga kamalian at pag-unlad ng mga mag-aaral kung may mga pagsasanay at mga kasanayan na gawain at kung kinakailangan magkaroon ng muling pagtuturo sa mga aralin.

Ito ay lalong nagpatunay na ang gulang at kasarian ay hindi sagabal sa pag-aaral ng pagsulat ng sulating pormal, pahero ang kakayahan ng pangkat eksperimental na mga babae sa pangkat kontrol na mga lalake. Ito ay nagpatunay na ang mga mag-aaral na babae ay pareho ang kakayahan sa mga lalake.

**Konklusyon**

Batay sa mga pangunahing kinalabasan sa pag-aaral na ito, ang mga sumusunod ay ang mga nabuong konklusyon:

1. Nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor ng unang pagsubok sa dalawang pangkat, nagpakita na ang dalawang pangkat ng mga kalahok sa simula ng pag-aaral ay may parehong antas ng kaalaman at kasanayan sa asignaturang Filipino II.

2. Napag-alaman na ang pagtuturo ng pagsulat ng sulating pormal sa tulong ng isang popular na awitin ay nagkaroon ng magandang resulta sa ipinakitang una at huling pagsubok, nagpapatunay na ang pangkat kontrol at pangkat eksperimental ay parehong maganda ang kakayahan sa bawat estratehiyang ginamit sa pagtuturo.

3. Ang paggamit ng alinman sa pagdulog na ginamit sa pagtuturo ng pagsulat ng sulating pormal ay epektibo.

4. Pinatunayan na ang gulang ay hindi sagabal sa pag-aaral ng pagsulat ng sulating poraml na inilalantad sa pamaraang ginamit sa pag-aaral na ito.

5. Ang kakayahan ng mga babae sa pangkat eksperimental ay pareho ang kakayahan ng mga lalake sa pangkat kontrol. Ito ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral na babae ay pareho ang kakayahan sa mga lalake.

6. Ang grado ng mga mag-aaral na pinangkat, ay magpareho rin ang kakayahan.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga nakuhang konklusyon ng mga sumusunod na rekomendasyon ay ibinibigay :

1. Kailangang alamin ng guro ang paksang higit na nagugustuhan sa bawat mag-aaral ayon sa antas ng taon, pangkat, gulang upang makilala ang kanilang kahinaan at kagalingan sa pagsulat ng sulating pormal.

2. Upang mapaunlad ang mga kasanayan sa pagsulat ng mga pormal na sulatin dapat na ang bawat aralin sa balarila ay sundan ng pagpapasulat ng sulating di-pormal. Ang mga guro ay dapat na mahikayat maghanda ng mga patnubay sa pagtuturo ng mga sulating pormal.

3. Ang palatuntunan sa pagbasa ay dapat na may kaugnayan sa palatuntunan sa pagsulat upang ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay magagamit sa pagsulat ng pormal na sulatin. Kailangan ang mga paksa ay may kaugnayan sa kanilang sarili ayon sa karanasan at pangangailangan na dapat iwasan ang mga paksang nagpapagunita ng kalungkutan, takot, at kaparusahan.

4. Ang pag-aaral muli sa paksa ay inirerekomenda upang lalong matiyak ang bisa ng paggamit ng popular na awitin sa pagsulat ng sulating pormal.

# TALASANGGUNIANG

# TALASANGGUNIAN

## MGA AKLAT

Adorno, Teodoro W. Philosophy of Modern Music. London: Sheed & Ward, 1978.

Belvez, Paz M. Ang Guro at ang Sining ng Pagtuturo, Philippine Normal University, 1984.

Belvez, Paz M. Gamiting Filipino sa Pagbasa at Komposisyon. Aklat sa Filipino I), Pandalubhasaan at Pamantasan, Rex Book Store, 1985.

Diksyunaryo ng Wikang Filipino - Sentenyal na Edisyon, 1998.

Filipino I - Serye ng SEDP, 1987

Filipino II - Serye ng SEDP, 1987

Grolier, The Grolier International Dictionary, Vol. 2, Manufactured in the U.S.A, Computer Composed by Inforonics, Inc., 1986.

Herrin, Alejandro N. Evaluating Development Projects: Principles and Applications Philippines: NEDA Population Development Planning and Research Project, 1987.

Kreept, Peter. Making Choice, Word of Top Foundation, Inc. Manila, 1998.

Matute, Genoviva E. et al. Filipino sa Bagong Panahon, Unang Paglilimbag, National Bookstore, 1981.

New Webster Dictionary, (Florida, P.S.I. and Associates, Inc.), 1990.

Punsalan, T and Uriarte, G. Statistics: A Simplified Approach, Manila: Rex Publishing Co., Inc.), 1987.

Sauco, Consolacion P. at San Miguel, Raquel L. Sining ng Komunikasyon II, Unang Edisyon, 1980.

Tovera, Grace G. Musika I, 1991: 136

**B. MAGASIN/PERIODICALS**

Abangan, Bella Angeles, “Pampasigla ang Musika” Lakbay Diwa, Setyembre 25, 1989.

Anthony, Michael, “Towards a Genuine Approach to Composition Writing”, Forum, April, 1988, Vol. XXVI.

Kopland, Aaron, “Ang Pakikinig: Mahalagang Bahagi ng Musika”, Lakbay-Diwa, 1991.

Tupaz, Regalado, Summer Institute sa Filipino, University of the Philippines, May, 1992.

## C. MGA TESIS

Asistol, Vilma, "Mga Paksa sa Sulating Pormal ayon sa preperensya ng mga mag-aaral" Di-nalathalang Tesis, SSPC, Catbalogan, Samar, 1989.

Benter, Nepo Jerome, "The Philosophy of Music. Unpublished Thesis in Philosophy", Christ the King Mission Seminary, Quezon City, 1998.

Bartolome, Rosario M. "Ang Bisa ng Phono-Visual Oral Sound Blending - Meaning sa Pagdulog sa Kahusayan ng Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral na Waray", Di-nalathalang Disertasyon, Divine Word University, Tacloban City, 1983.

Calsado, Magdaleno Tagaon, "The Composition on Interest of the First Year Students in the Ilocos Norte High School, Di-nalathalang Tesis, U.P., 1978.

Corduwa, Suzette, "An Bisa ng Paggamit ng Filipino sa Asignaturang Sariling Pili (Pananahi)", Di-Nalathalang Tesis, SSPC, Catbalogan, Samar, 1988.

Moscosa, Rebecca. "Free versus Controlled Composition Writing: A Comparative Study", Unpublished Thesis, Baguio Vocational Normal School, Baguio City, 1980.

Roumar - Samoza, C. Isang Pagsusuri ng mga Kamalian sa Sulating Pormal sa Filipinong mga Mag-aaral sa Ika-apat na Taon ng Mataas na Paaralan ng Kolehiyo de Katedral, Di-nalathalang Thesis, Lungsod ng Dumaguete, 1982.

Seludo, Florcerfino L. “Mga Suliranin sa Pagtuturo ng Filipino sa Intermedya”, Di-Nalathalang Tesis sa Master sa Sining, Pamantasan ng Pilipinas, 1976.

Ynota, Floilan T. “Pag-aaral sa mga Karaniwang Kamalian sa Pagsulat na Filipino ng mga mag-aaral sa unang taon ng apat na mataas na Paaralang Bayan ng Sangay ng Samar”, Di-nalathalang Tesis, Manuel L. Quezon University, Manila, 1986.

# MGA APENDISE

Apendise A

Republika ng Pilipinas
**Samar State Polytechnic College**
Catbalogan, Samar

Hulyo 27, 1998

**Dekano ng Gradwadong Pag-aaral**
Samar State Polytechnic College
Catbalogan, Samar

Ginang:

Sa pagnanais kong masimulan ang pagsulat ng panukalang tesis; ikinararangal kong iharap upang pagtibayin, ang sumusunod na suliraning pananaliksik, lalo na ang unang bilang:

